

Mga Saysay ng Nalalabing Tagulaylay sa Malayo: Salin ng mga Piling Tula mula sa Caribbean at Latina Amerika

Marvin M. Lobos

Polytechnic University of the Philippines

mmlobos@pup.edu.ph

Abstrak

Layunin ng papel na ito na ilahad ang dokumentasyon ng pagsasalin gayundin ay maghawan ng panimulang pagsipat sa praktika ng araling-salin sa mga tula mula Caribbean at Latina Amerika—mga bayang, tulad ng Pilipinas, ay dumanas ng kolonyalismo at patuloy na binabaka ang mga pilat na iniwan nito sa kasalukuyan. Mahahati ito sa tatlong bahagi. Una, pagtalakay sa ugnayang pampanitikan at pampagsasalin ng Pilipinas at naturang rehiyon. Pangalawa, pagtalakay sa masalimuot na kalikasan ng pagsasalin ng tula, pagbabalik-aral sa mga lapit, at mga konsiderasyon sa itinuturing na mahirap na uri ng pagsasaling pampanitikan. At panghuli, paglalahad sa mga danas, konsiderasyon, at pagpapasya sa aktuwal na proseso ng pagsasalin, at presentasyon ng mga salin. Ang pag-aaral ay ambag sa larangan ng pagsasalin at araling salin, partikular sa praktika ng dokumentasyon ng aktuwal na gawain. Higit sa lahat, sa diwang internasyunalista lalo na't hindi maitatangging ang mga lunan ay patuloy na nakikibaka para sa ginhawa at dangal ng kani-kanilang sambayanan.

Mga Susing Salita: araling-salin, pagsasalin ng tula, panulaang caribbean at latina amerikana, ugnayang pampanitikan, internasyunalismo



Abstract

The paper aims to document the translation process and give a preliminary perspective on the practice of translation studies of the selected poems from the Caribbean and Latin America, nations who, like ours, experienced colonialism and continues to struggle and heal from the scars left even at present. The paper is divided into three parts. First is a discussion of the literary and translation relation of the Philippines to the said regions. Second, it discusses the challenging nature of poetry translation, review of different approaches and considerations in the significantly challenging kind of literary translation. And third, it narrates the experiences, considerations, and decisions on the actual translation process, and presentation of the translation output. The paper contributes to the field of translation and translation studies, particularly in the practice of actual process documentation, and most of all, to the internationalist spirit especially that the said areas are undeniably experiencing continuous struggle for the life and honor of their people.

Keywords: translation-studies, poetry translation, caribbean and latin american poetry, literary relations, internationalism

PANIMULA

*Naniniwala akong maganda ang daigdig
at ang tula, tulad ng tinapay, ay para sa lahat.
At hindi nagwawakas ang aking mga ugat
sa aking katawan lamang
kundi sa nagkakaisang dugo
ng mga nakikibaka para sa buhay,
pagmamahal,
mabubuting mga bagay,
tanawin at tinapay,
ang tula ng bawat isa.*
(“Tulad Mo” salin ni Rogelio Ordonez. 1998)

*I believe the world is beautiful
and that poetry, like bread, is for everyone.
And that my veins don't end in me
but in the unanimous blood*

*of those who struggle for life,
love,
little things,
landscape and bread,
the poetry of everyone.*

(“Like You” salin ni Jack Hirschman sa “Como Tu” ni Roque Dalton)¹

Itinuturing na isa sa tanyag na “ars poetica” ang tulang “Tulad Mo” ng makata, mamamahayag, rebolusyunaryo, at martir na El Salvadorian na si Roque Dalton (1935-1975). Ang kabuuang tema ng tula ay patungkol sa apirmasyon ng persona sa kinakausap na kasama sa patuloy niyang pananalig sa diwa ng pagmamahalan, pangangarap para matiwasay na tanawin, at pagkamit sa kahit pinakapayak na ginhawa.

Bantog ang tula dahil sa nakakaantig subalit napakalakas na gamit ng payak na wika sa pagsusulong ng makataong lipunan at internasyunalistang pakikipagkaisa sa mga nakikibaka para sa “buhay, pagmamahal, mabubuting mga bagay, tanawin at tinapay, ang tula ng bawat isa.” Sa isang banda, ang tula rin ay manipesto ni Dalton hinggil sa pagiging panglahat ng pagtula bilang sining, sa pagbebersong “ang tula, tulad ng tinapay, ay para sa lahat.”

Nakukunsumo ng kasalukuyang mambabasang Pilipino ang akda dahil sa pagsasalin dito ng isa ring progresibong makata, mamamahayag, at manunulat na Agos na si Rogelio Ordonez (1940-2016). Bukod kay Dalton, may malayang-salin din si Ordonez “To the Apolitical Intellectuals” ni Otto Rene Castillo na pinamagatang “Sa Mga Intelektuwal na Walang Pakialam sa Pulitika” (1998, p.212). Mayroon ding salin si Ordonez (2016, p.i) sa ilang bahagi ng tulang “black art”² ni Amiri Baraka isa ring “ars poetica” hinggil sa pagsasa-armas ng tula laban sa inhustisya at pagsasamantala.

Ilan lamang sina Dalton, Castillo, at Baraka sa mga magigiting na matakatang nagsilbing “tapat na tagapaglarawan” at “mahigpit na

¹ Maaaring mabasa sa <https://poets.org/poem/you-1>

² Maaaring mabasa sa Randall, Dudley. (Ed.) “The Black Poets,” 1986, p.223

kritiko” ng lipunang kanilang kinabibilangan mula sa Latina Amerika at Carribean.

At masasabing ang praktika ng pagsasalin, liban sa gawaing pansining, ay gawain din sa pagsagap at pagtutulay sa mga diwa, danas, at lunggati ng ibang bayan, tulad sa kontinente ng Latina Amerika at masaklawing rehiyong Carribean. Bahagi lamang ang praktika ni Ordonez sa ugnayang pampanitikan at pagsasalin ng Pilipinas sa naturang mga lunan. Sa pamamagitan ng pagsasalin ng piling tula mula sa Latina Amerika at Carribean, at paglalahad sa naging danas at pagpapasya sa gawain, maaaring ituring ang papel na ito bilang ambag sa pagpapatuloy sa naturang ugnayan. Gayundin, magsisilbi rin itong ambag sa paghahawan ng landas sa malay na dokumentasyon sa pagsasalin, lalo na’t tiyak na makikinabang ang mga mambabasang Pilipino na magkainteres sa praktika ng pagsasalin.

Ugnayang Pampanitikan ng Pilipinas, Caribbean, at Latina Amerika

Sinasaklaw ng heograpiyang pampanitikan ng Caribbean ang panitikan ng mga Itim na nasusulat sa mga katutubong wika sa kabilang na mga lunan nito, Ingles at Kreoleng Pranses, mula sa mga pulo sa Mediterrenea, hanggang sa mga kontinente ng Aprika, Europa, at Amerika. Mula sa wika at istilo, kakikitaan ang panitikan sa rehiyong ito ng cultural hybridity, bunsod ng mga karanasan ng rehiyon sa kolonyalismo, slave trade, at kolonyal na edukasyon. Samantala, tumutukoy naman ang panitikang Latina Amerika sa mga nasusulat sa mga katutubong wika, Ingles at Espanyol sa nasabing rehiyon. Subalit hindi naman ganito nahahangga ang tradisyong pampanitikan ng dalawa, lalo na’t may mga panitikang Itim na nasa Espanyol, halimbawa na ang Cuba (na magsisilbing “tagapanagpo” ng tradisyong pampanitikan ng Pilipinas sa binabanggit na rehiyon), at panitikang Latina Amerika, na bagaman ay nasulat/namulat sa Hilagang Amerika ay taas-noong inuugnay ang sarili sa nasabing rehiyon (tulad ni Martin Espada).

Bagaman ilang milya ang layo ng mga bayan, naitatawid ng panitikan at pagsasalin, tulad ng paglalayag sa karagatan, ang karanasan ng Carribean, at Latina Amerika sa Pilipinas bilang matibay na ugnayang pampakikibaka.

Sa kanyang “Philippine-Cuban Literary Relation,” tinignan ni Torres (1989, p.24-27) ang ugnayan sa tradisyong pampanitikan ng Pilipinas at Cuba (kabilang ang Cuba sa parehong tradisyong Caribbean at Latina Amerikana) sa kapwa nitong karanasang pangkakasaysayan bagaman may mga pagkakatulad at pagkakaiba. Una rito ang pakikibaka ng parehong bayang laban sa Kolonyalismong Espanya at ilang dekada naman sa ilalim ng Imperyalismong U.S. Bagaman nakatutuksong uriratin ang mga pagkakaiba, aniya, “the Philippines is still Filipino, and Cuba, Cuban – both products of unique forces in the conjunctures and history of their nation lives. (p.24)”

Sa ganitong konteksto niya tinitignan ang paralelismo ng dalawang tradisyon. Mangyari pang ang tradisyon ng panitikang mapanghimagsik ay kapwa natatalunton ng mga bansang ito mula sa pagitan ng ika-18 at 19 na siglo. Magkakontemporanyo sina Jose Marti, ang dakilang makata at rebolusyonaryo ng Cuba, pati si Jose Rizal, makata, dakilang manunulat at ating pambansang bayani. Mas nauna naman sa kanila na maging inspirasyon sa mapanghimagsik na panulat sina Jose Maria Heredia (1813-1839) ng Cuba, at si Francisco Baltazar (1788-1862).

Ayon kay Torres,

“Apart from being imbued with the revolutionary spirit, they wrote in a similar vein. Influenced by the neo-classical and romantic spirit as well, their writings were heir to the Greco-Roman literary tradition which, placed in the context of the early 19th century, embodied the liberal and revolutionary anticipation of people under tyrannical colonial rule (1989, p.24)”

Kaugnay nito, ayon kay Lumbera (1986)

“Evidently, Baltazar had tried to get away from the usual adaptations of Spanish ballads when he wrote *Florante at Laura*. In doing so, he attempted to incorporate into one work diverse elements from various types of Spanish ballads – those dealing with chivalry (romances caballerescos), with Moorish tales (romances moriscos), and with Greek and Roman themes (romances historicos). The resulting poems

teems with anachronisms that, ironically enough, prove the originality of its creator.” (p.119)

Bukod sa kapwa itinuturing na nagpasimula ng paghihimagsik, ayon pa rin kay Torres, noong panahong sinusulat ni Balagtas ang Florante at Laura, nagsusulat naman si Heredia ng mga tulang magpapa-imortal sa kanya sa kasaysayang pampanitikan ng Cuba. Nariyan ang “En el Teocalli de Cholula,” “A Florida,” “En una Tempested,” “Niagara,” “A Emilia,” at “Al Sol” (1989, p.24). Lumilitaw ang kapwa nila pagsuso sa parehong tradisyong pampanitikan at pampolitikang aspirasyon. At ang tradisyong ito ang kapwa ring sinundan nina Marti at Rizal, na kapwa manunulat at mahalagang pigura ng paglaya. Komentaryo pa ni Torres, “A Filipino can see in Marti the artist and revolutionary, Rizal, M.H. del Pilar and Andres Bonifacio all rolled into one.” (p.26)

Umigting pa ang ugnayang pampanitikan na ito pagpasok ng ika-20 siglo. Ang mga manunulat sa Pilipinas sa ilalim ng Imperyalismong US ay mayroon ding counterpart sa Cuba. Kung may mga Lope K. Santos, Francisco Laksamana, Faustino Aguilar, Gabriel Beato Francisco, hanggang kina Lazaro Francisco, N.V.M. Gonzales, Nick Joaquin, Bienvenido Santos, at Gregorio Brillantes na umuugat sa tradisyong pampanitikan sa pagitan ng huling bahagi ng ika-19 siglo at unang bahagi ng ika-20, sa Cuba ay mayroon namang Alejo Carpentier (p.26).

Ayon kay Torres,

“Carpentier, speaks about the Cuban dream to recreate “the lost steps” that would bring him back to his ancient roots. In the works of the Filipino writers from the early American regime down to the post-war period, allusions to the pre-colonial past or the Hispanic era would also remain recurrent themes and motifs. (ibid).”

Itinuturing naman ni Torres na mahalaga sa ugnayang pampanitikan ng Pilipinas at Cuba si Nicolas Guillen na nagsilbing bagong inspirasyon sa pagtula ng mga Pilipinong makata noong dekada ‘60 hanggang ‘70, matapos silang bumalikwala mula sa tradisyonal na pagtula sa Balagtisismo, at manghinawa sa mga paghahalaw sa pagtula nina Wallace Stevens, T. S. Eliot, Rimbaud, Ezra Pound, Federico Garcia Lorca, Quasimodo, Walt Whitman, at Robert Frost. Dahil umano ito sa

pagkakatulad ni Guillen sa mga makatang Pilipino sa pagtalunton sa parehong linya ng mga modernistang Europeo at Latino Amerikano (p.26-27).

Ang malakas sa kontekstong pangkasaysayan at pampolitikang aspirasyon na tinutuntungan ng mga makatang Pilipino noong panahong ito ang higit na nagpatindi sa ugnayang pampanitikan na ito kay Guillen. Ang tiranya at mapagsamantalang kondisyon ng bansa sa ilalim ng Batas Militar ay higit pang nagpaalala sa panulat ni Guillen, na nagsilbi ring tinig ng Cuba at sinundan ng marami pang manunulat. Kabilang si Guillen sa ilan sa mga mahahalagang makata ng poesia negra, isang tradisyong pampanitikan/panulaan sa Cuba at sa iba pang bahagi ng Latina Amerika na umuugat sa matagal na panahon ng slave trade (p.27).

Si Guillen din ay isa sa mga makata mula Latina Amerika na naisalin sa Pilipino, kasama ni Otto Rene Castillo. Nalathala ang mga salin sa kanya noong panahon ng First Quarter Storm (FQS). Isa rin siya sa mga paboritong isalin ng mga sumunod na henerasyon ng mga makatang Pilipino. Kaugnay nito, ayon sa Gimenez-Maceda (2017)

“Martial law period showed greater experimentation in both form and content, and more flexibility in adapting to various types of melodies and styles, both local and foreign, to express varied experiences. Protest singers translated songs from Latin America to Filipino such as Victor Jara’s “La Plegaria a un Labrador” (A Worker’s Prayer), which was translated by Jess Santiago; “Cuando Voy al Trabajo” (Going to Work), translated by Karina Constantino-David; and the internationally renowned Chilean song of Sergio Ortega and Quilapayún “El Pueblo Unido, Jamás Será Vencido” (A United People Will Never Be Defeated), translated by Maria Luisa Torres-Reyes and which became one of the most sung protest songs during the martial law period. Rock music, which began as a protest medium in the West, was also adopted to express revolutionary aspirations, as in the song “Mga Babae” (Women) written by an underground songwriter, Ka Arting, then popularly known as the Florante ng Hukbo (Florante of the Army).” (p.222)

Pakatandaan ding parehong nagpatalsik ng diktador ang Pilipinas at ang Cuba.

Ang nagbibigkis sa Pilipinas at sa Cuba – at sa Latina Amerika at Caribbean sa kabuuan – ay ang kapwa nila pakikibaka para sa tunay na kalayaan na patuloy na ipinapahayag sa kanilang tradisyong pampanitikan. Ang kapwa nila panitikan ay makatutulong sa pagpapanday ng landas tungo sa paglaya ng iba pang nasyon, kabilang ang iba pang bansa sa Ikatlong Daigdig na nagpapatuloy na nakikibaka para sa panlipunan at pambansang katubusan.

Itinuturing naman ni Romulo Baquiran Jr. (2010) na ang pagsasalin ay nagsilbing “istimulus sa pagpapasigla ng tradisyong pampanitikan sa panulaang Filipino sa konteksto ng kilusang Pambansa demokratiko. (p.1)

Nasakatuparan ito sa praktika ng relay-translation sa mga naka-Ingles nang mga antolohiyang Europeo, Afrikano, at Asyano na Anglo-Amerikano rin ang naghanda. Gayunman, naroon pa rin ang gampanin ng pagsasalin bilang pagtulay sa iba pang pananaw-sa-daigdig ng mga manunulat na Pilipino. (p.2)

Partikular ding naging huwaran ang pagtula ni Pablo Neruda sa mga aktibistang manunulat sa Filipino dahil ang naging trajektori ng pag-unlad niya bilang makata at rebolusyunaryo ay “umakit ng paghanga at pagtulad sa mga manunulat ng lipunang may nakakatulad na kolonyal na karanasan ng Latina Amerika.” (p.3)

Maituturing ang pagkakatatag ng “Panulat para sa Kaunlaran ng Sambayanan” (PAKSA, 1971), partikular ang Komite sa Salin nito bilang tulay na nagtatawid ng mga mapagpalayang kaisipan at mga larawan ng pakikibaka sa mga nabanggit na lunan (p.4) at panitikan mula sa mga bansa sa Asya, Aprika, at Latina Amerika, ang may maraming naisagawang pagsasalin noong 1980-1991.

Ayon kay Gelacio Guillermo sa panayam ni Baquiran, naging malapit sa “Pamilya Magsalin” (ibang taguri sa Komite kung saan din siya bahagi) ang mga manunulat at akda na mula sa Latina Amerika dahil sa parehong sinamantala ng imperyalismo, diktadura, ekonomiyang transayunal, represyon, at kontra-taong patakaran sa pambansang buhay ng Pilipinas at Latina Amerika. “Kung kaya ang ekspresyong kultural

ng tula at awit ay halos may magkatulad na ‘estruktura ng damdamin’” lalo na sa hanay ng mapagpalayang kilusan na kapwa malusog sa mga Latina Amerikano at Pilipinas.” (p.6)

Ilang Tala hinggil sa Araling-Salin sa Tula

“Theory proliferates, whereas the data remain more or less undisclosed (p.ix).” Sinabi ito ni Daniel Weissbort sa paunang salita niya sa aklat ng dokumentasyong pampagsasalin na “Translating Poetry: The Double Labyrinth” (1989, p.ix-xiv) na kanyang pinatnugutan. Kaugnay ito sa kanyang obserbasyon sa patuloy ngang pagbulas ng mga literatura tungkol sa aralin, habang sa isang banda’y kakaunting naratibo na naglalahad sa aktuwalidad ng prosesong ito.

Aniya, ang isa sa epekto nito ay ang patuloy na pag-igting ng pakikipag-diskurso ng mga teorista sa pagsasalin sa kani-kanilang sarili sa halip sa mas malawak na publiko, na maaaring makinabang sa mga talakayang ito. Napansin din niya na sa loob mismo ng “disiplinang” ito, patuloy ang paglaki ng agwat sa pagitan ng mga kritiko at praktisyuner nito. Aniya,

“The exclusiveness of some of the jargon invented by translation critics (ironically, since translation has to do with transcending barriers) springs partly, no doubt, from a justifiable exasperation with the vagueness of most writing by translators on translation.” (p. ix)

Kaugnay nito, napansin din niya ang balintunang katangiang ito ng disiplina ay

“... does not finally advance our understanding of the process very much, tending to be repetitious and cliched, however stylishly cobbled together, though some wonderfully insightful and illuminating pieces have of course been published from time to time.” (ibid.)

Marahil, nasabi niya ito kaugnay pa rin ng mas maraming literatura hinggil sa teoretikal na aspeto ng pagsasalin bilang disiplina, kumpara sa dokumentasyon ng mga tagasalin sa prosesong kanilang pinagdaanan sa gawain.

Tila nauugnay naman ang realisasyon na ito ni Weissbort sa tinuran ni Venuti (2011, p.127-132) sa kanyang artikulo hinggil sa iba't ibang mga mungkahing pamamaraan sa pagsasalin ng tula mula sa iba't ibang teorista:

“To address poetry and translation confirms the methodological ineffectiveness of instrumentalist thinking by showing that translation communicates not the source text, but an interpretation of it, one among different possibilities, which can go on to serve multiple functions, literary and cultural, social and political. (p.128)”

Kaugnay nito, ipapakita sa papel na ito ang naging mga hakbang at pagpapasya, sa (mas) praktikal na paraan, upang makapagbukas ng pinto (sa abot ng makakaya) sa mas malawak na mambabasa nang hindi nasasakripisyo ang gampaning akademiko ng gawain. Kung tutuusin, ang pagsasalin bilang isa ring gawaing malikhain, ay hindi naman talaga napapangunahan ng mga teorya. Mas nauuna ang pagtatangka at aktuwal na proseso; at maaring malay o hindi ang tagasalin sa realtime na pagsandig sa alinmang pagpapahalaga o teorya para sa gawain. Mas nangingibabaw ang layuning pampanitikan at kultural, panlipunan at pampolitika ng gawaing pagsasalin bilang praxis din ng internasyunalismo, na sa pagkakataong ito, sa pagitan ng Pilipinas, Caribbean at Latina Amerika.

Pagsasalin ng Tula: Im/Posibleng Gawain

Ayon kay Venuti (2011),

“Today poetry may well be the least translated literary genre, no matter where the translating literature ranks in the global hierarchy of symbolic capital that is so unevenly distributed among national literary traditions.” (p.127)

Kung tutuusin pa, ang tula rin ang may pinakamababang demand bilang anyo ng panitikan, lalo na sa konteksto ng Pilipinas. Tila mas ekonomikal para sa mambabasang Pilipino ang bumili ng isang koleksyon mga kuwento o ng isang nobela kaysa koleksyon ng mga

tula, na madalas na manipis at “mas” mahirap unawain kumpara sa prosa.

Bagaman may ganitong kapansin-pansing kalagayan sa pagsasalin ng tula kumpara sa ibang panitikan, para kay Venuti, ang kalagayang ito mismo ang malakas na hatak upang ilapit sa sentro ng mga araling salin ang tula. (ibid.)

Mahirap magtukoy ng “mabuting” pagsasalin ng tula, singhirap ng pagtukoy ng mga nailatag nang mga teoryang makapaggagabay kung paano ito isasagawa (Attwater, 2005, p.122). At tila, tinatanggap na ng marami ang kotohanang ito sa tula, kumpara sa pagsasalin ng iba pang anyong pampanitikan.

Upang bigyang daan ang pagdidiskurso sa salimuot ng pagsasalin ng tula, mabuting gamitin bilang tuntungan ang katuturan ng tula sa ibaba:

“A poem, a certain number of words in a certain order on the page, is a form, where all relation to what is other and finite -to what is true- has been suspended. [...] The poem is a means, a spiritual statement, which is not, however, an end. (Bonney, 1992. Nasa Attwater, 2005, p.122).”

Sinasabi ni Bonney na ang katangian ng tula na hindi nalilimitahan ang sarili, bilang anyo, sa bilang ng mga salita, dahilan upang maging daan ito sa isang espirituwal na pagpahayag na walang hangga. Tila sumasangayon naman dito ang tinuran ni Badiou (2004, nasa Venuti, 2011, p.128), na ikinatwirang natatanghal ang pagkatula sa dalawang operasyon ng “pagkalas” mula sa “obhektibong realidad” kung saan ang tula ay nagdedeklara ng sariling uniberso. At ang pagkalas na ito ay nagdudulot ng isang “diseminasyon” na naglalayong lusawin ang obheto sa pamamagitan ng walang hanggang distribusyon ng mga metapora. “For me poetry is oceanic, (p.55)” sabi naman ni Anthony Mcneill sa isang panayam (Steele, 1984, p.51-59) sa kanya.

Kung gayon, sa pagsasalin ng tula, ang pagkatula na siyang isinasalin na hindi maikakailang mahirap isalin at hindi malayong maaaring mawala habang nasa proseso, ay napapalitan ng isang “network” ng signipikasyon – intertekstuwal man, interdiskursibo, o

intersemiotiko – na pangunahing nakaugat sa sitwasyon ng pagtanggap (i.e., pagbibigay interpretasyon) (Venuti, 2011, p.128). Kaya ang pagsasalin ng tula ay may tendensiyang pakawalan ang lengguwahe mula sa makitid na komunikatibong gamit, bilang isang formal at may tiyak na semantikang komunikasyong nakapaloob sa tekstong batis (source text).

Sa kabilang banda, karamihan din sa mga mambabasa ang umaasang magkakaroon sila ng parehong danas sa pagbasa ng tulong-salin at sa pagbabasa ng orihinal na tula na nakasulat sa kanilang wika. Hinahanap nila ang mga poetikong pamamaraan na nagpapatangi sa tula mula sa prosa, tulad ng dami ng metapora, konotatibo kaysa denotatibong lengguwahe, gayundin ang taglay nitong sukat at tugma, aliterasyon, pun, at anyo (Attwater, 2005, p.122).

Subalit, para Attwater, ang tula ay mahahalintulad sa musika. Ayon sa kanya,

“poetry is as much about silence and the blank space on the pages as it is all about sounds and words. As with the performer of music the translator reads and interprets but does not invent the score (ibid.).”

Kaugnay nito, masasabing sa isipan ng tagasalin, naglalaro ang mga posibilidad ng panumbasan sa kanyang isinasalin, bawat salita, ang pagkakaposisyon ng mga ito, gayundin ang relasyon ng mga ito sa bawat isa na siyang nakatatayo bilang makabuluhang taludtod sa isang tula. Nagiging hamon sa pagsasalin ang enjambment o pagkakahati ng mga salita upang makalikha ng taludturan. Isa ito sa hindi napakahirap isalin, lalo na kung ang tula ay may minimal na mga salita o may pantigang iambiko, tulad sa Ingles.

Mayroon namang magandang tinuran si Steele (1984, p.51-59) hinggil sa lengguwahe ng tula bilang sining. Ayon sa kanya:

“The language of rationalism, appropriate as it may be to other disciplines, including literary criticism, and which is now imposing its heavy presence on every reader, is not the primal language of poetry. Poetry does not discuss, does not rationalize. It makes us see/hear with all our senses, including that of the intellect,

it leads us to discussion and rationalization through this seeing/hearing. But, in order to see/hear what poetry tells us, we have to come to it cleansed of the expected, open to the new language which is the habitat of the poem. We cannot do this, unless we abandon, at least momentarily, the language of rationalism.” (p.52, Sa akin ang mga diin).

Mahalagang maitala na ang “poetry does not discuss, does not rationalize.” Ginagawa tayo nitong makita/marinig nang lahat nating pandama, maging ng ating talino, na naggigiya sa atin sa diskusyon at rasyunalisasyon sa pamamagitan ng paningin/pandinig.

Nangangahulugan lamang na lagpas na sa pagiging “pormal” at may “tiyakang semantikong” komunikasyon ang lengguwahe ng tula. Sa pamamagitan ng “pagkalas” mula sa “obhektibong realidad” (e.g., purong lingguwistiko), naipapakilala ng tula ang kanyang sarili bilang natatanging nilalang, pati na ang mga ideyang tangan-tangan nito. Upang madama ito, kailangan nating hugasan ang ating inaasahan at maging bukas sa bagong lengguwahe na siyang tahanan ng tula.

Mainam na sipiin si Carolyn Forche (1982, p.1-7), sa kanyang karanasan sa pagsasalin kay Claribel Alegria hinggil sa realidad na ito ng tula at pagsasalin ng tula, at kanyang naging paninindigan sa salimuot ng gawain:

“In translating the work of contemporary Latin Americans, it is marginally possible to reproduce essential content, but in altering substance, there are always precipitates: those of music and atmosphere, specifics of tone. The unique characteristics are lost—in the case of Spanish, which has been called “the verbal medium of the spirit” (Castelar), its onomatopoeic and emphatic qualities, its syntactical freedom and a subtlety that survives abbreviation. But in these we are not talking about the real difficulty—that of translating the human condition, the reality of one world, so that it may be intelligible to those of a world which has been spared its harshness. (p.3, sa akin ang mga diin).

Kapansin-pansin ang malay na paghulagpos ni Forche sa mga teknikal na katangiang pangwika ng orihinal, at aminadong pagtanggap sa posibilidad ng reproduksyon ng mga katangi-tanging kakanyahan nito (verbal medium of the spirit), upang bigyang daan ang sinasabi niyang “sintaktikong kalayaan” (syntactical freedom). Sapagkat ang sa kanya ay maisalin ang kalagayan ng tao, ang realidad ng isang daigdig, nang sa gayon ay maikintal sa isang daigdig na hindi natikman ang kalupitan nito. (ibid.)

Ang mga tulang espesimen sa pag-aaral na ito ay maituturing na ganito. Sa pamamagitan ng malikhaing paghaharaya ng mga makata ng matutulaing larawan sa kanilang mga akda, naipapakita, naparirinig, napapaamoy, napapalasa, at napapadama ng mga tula ang karanasang pantaong umiiral sa mga kondisyon ng kani-kanilang lunan at panahon ng pagkakalatha ng mga ito. Bagaman magkakaiba-iba, nagkakaisa sa tinig at tindig ang mga kabilang na tula sapagkat ang mga makata ay abanteng nasasapul at naisasatinig ang mga pagkakaugnay-ugnay ng iba’t ibang karanasang pantao sa ilalim ng post-kolonyal at post-rebolusyong konteksto.

Ang gawaing pagsasalin ay hindi lamang gawaing pansining. Matibay rin itong gawain para sa internasyunalismo dahil itinatawid nito ang malulupit na karanasang pantao – na isa ring pandaigdigang realidad – tungo sa iba pang bayan upang magsulong ng pagkakaunawaan, pagdadamay, at pakikibaka.

Mga Pamamaraan sa Pagsasalin ng Tula

Ayon kina Dastjendi, Hakimshofaai, Jannesaari (2008, p.7-40), naniniwala si Nair (1991) ang tula ay ang malikhaing ekspresyon ng mga damdamin at karanasan ng isang makata kung kaya ang pagsasalin nito ay dapat na maging tapat na pagpapasa (transference) ng mga ideya ng makata. Ang tagasalin ng tula, ay dapat magsikap sa katumpakan (accuracy), na siya naman magpapamalalas sa “fluency of expression” ng tagasalin. Bilang pagkiling dito, nagpakilala si Lefever (1992) ng ilang mga pamamaraan sa pagsasalin ng tulad, tulad ng ponolohikal na pagsasalin, literal na pagsasalin, ritmikong pagsasalin, pagsasalin tungong prosa, pagsasalin tungong tula na may (o walang) tugma, at interpretatibong pagsasalin. (p.7) Bahagi ito ng deskriptibong lapit ni Lefever na makikita sa kanyang *Translating Poetry: Seven Strategies and A Blueprint* (1975). (Attwater, 2005, p.126)

Binibigyang-diin sa papel na ito ang katangian ng mga tulang espesimen bilang malikhaing paghaharaya ng mga makata ng matutulain sa larawan sa kanilang mga akdang naipapakita, naparirinig, napapaamoy, napapalasa, at napapadama ng mga tula ang karanasang pantaong umiiral sa mga kondisyon ng kani-kanilang lunan at panahon ng pagkakalathala ng mga ito nang sa gayon ay bigyan-daan ang pagtalakay sa mga naging pamamaraan at pagpapasya sa pagsasalin ng tula. Wika nga ni Holmes (1988, nasa Attwater, 2005, p.129): “There is an extremely close relationship between the kind of verse form a translator chooses and the kind of total effect his translation achieves.”

Nagtala si Holmes (ibid.) ng apat na tradisyonal na pamamaraan sa pagsasalin. Una, ang mimetikong anyo na pinananatili ang anyo ng orihinal. Pangalawa, analohikal na anyo, na naghahalili ng poetikong tradisyon ng Tunguhang Lengguwahe (SL) bilang pag-aangkop sa poetikong tradisyon ng Simulaang Lengguwahe (SL). Ang dalawang anyong ito ay tinutukoy bilang “deribatibong pang-kaanyuan” (form derivative) dahil sa pagtatangka nitong mag-reprodyus ng isang uri ng katumbas na anyo sa TL.

Ang ikatlo naman ay inuuri bilang “content-derivative form” o “organic form” dahil hinahayaan nito ang TL na lumikha ng sariling hugis at anyo mula sa semantika ng isinasalin, dahil hindi maaaring maipaghiwalay ang anyo at nilalaman.

Panghuli ay ang “extraneous form” na naglalagay sa TL sa isang anyo na wala nang ugnayan sa nilalaman at anyo ng orihinal.

Ang mga mungkahing lapit na ito ni Holmes ay masasalamatin din sa kilalang trikotomiya sa pamamaraan ng pagsasalin ni Dryden. Sa unang dalawang anyo ng pagsasalin ni Holmes, masasalamatin ang “metaphrase” (word-by-word). Sa pangatlo, “paraphrase” (sense-by-sense). At sa panghuli, “imitation” (free translation). Para kay Dryden, ang una at huli sa tatlong ito ang dulo sa pagsasalin na dapat iwasan, at ang isang mahusay na tagasalin ay dapat na pagtuunan ang pagkompromiso sa dalawang dulo. (Attwater, 2005, p.125)

Bagaman mayroong iba’t ibang mga lapit sa pagsasalin, iminumungkahi ni Attwater na maaaring subukin ng tagasalin ang paggamit ng ilan sa mga pamamaraang ito nang magkakasama (2005, p.129).

Sa kabila ng mga nabanggit na mga pamamaraan, tunay na hindi biro ang magsalin ng tula. Para kay Holmes, ang mga suliraning ito sa pagsasalin ng tula ay mailalarawan sa “tatlong tuntungan o antas:” “lingguwistikong konteksto”, “tradisyong pampanitikan” at “sitwasyong sosyo-kultural” na naging batayan ni Lefevere sa kanyang “concentric circles” ng “wika, panahon, lunan, tradisyon.” (p.130)

Gayunman, layunin pa rin ng tagasalin na panatilihin ang komunikasyon sa pagitan ng makata at ng mambabasa, nang sa gayon maging available ang ST bilang anyong pampanitikan sa TL.

Mabuting tignan si Attwater (2005, p.125) hinggil sa posisyon ng salin batay sa problematisasyong ito ni Holmes:

“A translation cannot be the original, there will always be tension between the autonomy of the former and the authority of the latter, but it can produce ‘a text which is a translation of the original poem and at the same time a poem in its own right within the target language’ (Holmes 1988, 50) and be satisfactorily analogous.

Ang Nagsasalin ng Tapat, Nakakasalin ng Maluwag (?): O Ang Tungkulin ng Tagasalin na Maging Tapat

Nagtala si Batnag (2014) ng tatlong tungkulin/katapatan ng isang tagasalin.³

Una, ang maging tapat sa awtor. Tinutukoy ng katapatang ito ang pagsisikap na mailipat ang mensahe ng awtor patungo sa TL. Walang karapatan ang isang tagasalin na bawasan o dagdagan ang sinasabi ng awtor. Maaari siyang makapagdagdag ng salita o ng ilang paliwanag, ngunit hindi nito maaaring saklawin ang kahulugang nais iparating ng awtor.

Pangalawa, ang maging tapat sa mambabasa. Nangangahulugan ito ng pagsisikap na maihatid sa mambabasa ang tunay na kahulugan ng orihinal na awtor. Batay ito sa premise na ang mambabasa ay walang akses sa orihinal na wika ng akda kung kaya’t nasa kamay ng tagasalin

³ Nasa <https://www.facebook.com/notes/aurora-e-batnag/ang-tungkulin-ng-tagasalin/648247008573645/>

ang buhay ng isang akda sa pag-aalok nito sa mga mambabasa ng salin. Magiging mabisa o matagumpay ang salin kung magiging tapat siya sa kanyang tungkulin sa mga mambabasa.

At panghuli, ang maging tapat sa kanyang sining. Tumutukoy ito sa gampanin ng tagasalin sa pagpapaunlad ng gawaing-pansing na ito. Samakatuwid, may tungkulin ang tagasalin na lumikha ng panibagong wika para isang panibagong likhang sining. Sabi nga ni Dante Gabriel Rosetti, — to endow a fresh nation, as far as possible, with one more possession of beauty. Sa ganitong paraan, ang isang tagasalin ay nagiging isang tagalikha, tulad din ng orihinal na awtor.

Ang tatlong tungkuling ito sa katapatan ng pagsasalin ay mabisang gabay din na maggigiya sa mga desisyon ng tagasalin. Subalit tandan din na kakatwa ang posisyunalidad ng katapatan ng tagasalin. Isang imposibilidad ang maging sobrang tapat sa orihinal. Tila pagwawala sa orihinal ang maging sobrang tapat sa mambabasa ng TL sapagkat walang dudang masasakripisyo nito ang kakanyahan ng orihinal (na nangyayari sa adaptasyon, na kino-contest nga bilang hindi naman talaga salin). At baka kumawala rin sa layuning mailapit ang orihinal sa mababasa ng TL ang salin kung labis na magiging tapat sining.

Kailangang maikompromiso ang tatlo.

Ang mga Makata at Kanilang “Tula ng bawat isa.”

Tig-tatlong (3) tula mula sa piling mga makata mula sa nasabing rehiyon nagsilbing espesimen sa papel na ito. Pinili sila batay availability ng mga materyal, lalo na ang mga temang patuloy na nakakaugnay sa panlipunang danas ng bansa, gaya ng karahasan sa panahon ng halalan, post-kolonyalismo, pagbubuo ng pambansang identidad, pakikibaka at rebolusyon. Ang mga tulang kabilang sa papel na ito ay isinalin mula sa Ingles. Dalawa sa mga ito, ang kina Neruda at Mistral, ay orihinal na nasa Espanyol.

Mula Latina Amerika

Naipakita ni Pablo Neruda (1904-1973; Nobel Prize Winner, 1971) sa tula niyang *The Dictators*⁴ (1952, sinalin bilang “Ang Mga Diktador”) ang karahasan sa panahon ng eleksyon sa Chile noong Enero ng Dekada '50 na nagsimula na noong pang nakalipas na halos dalawang dekada. Sa tula, lumilitaw na may dalawang uri ng diktador: yaong nagpapataw ng pasismo sa mga sakada at magsasaka, at yaong uring sinamantala na dahil sa tuloy-tuloy na pagluluksa, magsisilang ng paghihiganti.

Sa tulang *Drinking*⁵ (1943, “Pag-inom”), ipinakita ni Gabriela Mistral (1889-1957, Nobel Prize Winner, 1945) ang pagkakaroon ng kontinental na pagkakakilanlang Latina Amerikano. Litaw na litaw sa tula ang danas ni Mistral bilang kampeon ng edukasyon sa Latina Amerika sapagkat tila biograpikal ang tula na nagkuwento sa kung paano ginugunita ng persona ang makataong damdamin sa mga danas na pinainom siya sa mga bayang kanyang pinuntahan, dahilan upang maalala rin niya ang kanyang pag-inom sa kanyang lupang tinubuan.

Litaw sa tulang *The Meaning of the Shovel*⁶ (1982, “Ang Saysay ng Pala”) ni Martin Espada (1957-kasalukuyan) ang kanyang dokumentaryong poetika (documentary poetics) sa isang baryo sa Nicaragua, kung saan siya kumikilos (naghuhukay) matapos pumutok ang rebolusyon doon noong Hunyo 1979.

Mula Caribbean

Masidhing inilarawan ni Derek Walcott (1930-2017, Nobel Prize Winner, 1992) sa kanyang *A Far Cry from Africa* (*The Penguin Book of Caribbean Verse in English*, 1986, p.243) “Isang Malayong Tagulaylay mula Aprika”) ang kanyang komentaryo at pagkahirati bilang Aprikanong sumuso ng edukasyon sa Kanluran, matapos ang madugong sa “Mau-Mau Uprising” sa pagitan mismo ng mga katutubo

⁴ Nasa <https://www.poetryfoundation.org/poetrymagazine/browse?contentId=25873>

⁵ Nasa <https://www.poetryfoundation.org/poetrymagazine/browse?contentId=23542>

⁶ Nasa <https://www.poetryfoundation.org/poems/47873/the-meaning-of-the-shovel>

ng Kenya na sumiklab sa pagitan ng dekada '50 at '60. Ang Mau-Mua Uprising ay bunga ng pagkakahati-hating dinulot ng kolonyalismong Britanya sa Aprika. Sa tula, lumilitaw ang pagiging antagonista ng ilang bahagi ng katutubong Kikuyu dahil sa pakikinabang mula sa sigalot doon.

Ipinakita naman ni McNeill Residue (*The Penguin Book of Caribbean Verse...*, 1986, p.307, "Nalalabi") ang post-kolonyal na larawan ng Jamaica, na tulad ng Pilipinas, ay dinudumog ng mga turista ang naggagandahang mga dalampasigan. At sa tula nga, naglimi ang persona sa halaga ng kanyang bayan dahil sa kanilang Jamaicano iyon.

Isinaad naman ni Sir Philip Sherlock (1902-2000) sa Jamaican Fisherman (*The Penguin Book of Caribbean Verse...*, 1986, p.154, "Mangingisdang Jamaicano") ang tila pagkalimot sa maharlikang ninuno nilang mga Aprikano sa pamamagitan ng pagtula sa tikas ng katawan ng mangingisda Jamaicano na "isinisigaw" iyon.

Ang mga Danas at Pagpapasya sa Pagsasalin

Sa pangkalahatan, hindi lamang iisang dulong ang ginagamit sa pagsasalin. Gamit ang salita ni Dryden, masasabing may ilang bahagi sa mga tula na metaphorize o paraphrase at maging imitation ang nagamit. Masasabing nasa magkabilang spectrum ng mga dulong sa pagsasalin naglalaro o naglalayag ang naging gawain.

Sinikap rin ng pagsasalin na maging tapat sangayon sa tinuran ni Batnag upang maipakilala sa mambabasa ng TL ang akda at ang may-akda nito. Kaya mapapansin sa mga salin na sinikap tapatan, linya-sa-lingya, ang mga tula, dahil may kataglayang tula rin ang mga linya sa loob ng mga tula. At upang makalinang ng panibagong danas sa pagbabasa sa TL buhat sa karanasang ipinapahayag mula sa SL.

Ikinategorya sa ibaba ang mga naging pagpapasya sa ginawang pagsasalin upang mapadali ang pagbabahagi ng pinagdaang danas at pagpapasya.

Paghahati ng mga linya

Isang karanasan sa pagsasalin mula Ingles patungong Filipino ang pagkakaroon ng mas mahabang anyo ng salin sa orihinal. May mga maikling linya mula Ingles na humahaba na kapag sinasalin sa Filipino. Naging solusyon rito ay ang paghahati ng linya, na nagresulta ng “panibagong” linya sa salin upang manatili pa rin ang “pagkatula” ng anyo. Pansinin:

SL

Between coconut palms lay graves, in their stilled
Strangulation, their festering surfeit of bones. (The Dictators)

TL

sa pagitan ng mga palmera ng niyog
nakalatag ang mga libingan,
sa kanilang pagkakabigti,
ang may naknak nilang mga buto-buto. (Ang Mga Diktador)

SL

I went to drink, I leapt to drink ...
I bent to a pool and an Indian came (Drinking)

TL

nagtungo ako para uminom,
dumulog ako para maki-inom ...
yumukod ako sa isang batis
at may dumulog na isang katutubo (Pag-inom)

SL

to places where the mist never rises...
like a sky full of corn-plundering birds. (The Meaning of Shovel)

TL

tungo sa mga lunan kung saan
hindi pumapailanlang ang hamog ...
tulad ng kalangitang hitik
sa mga ibong magnanakaw-ng-mais. (Ang Saysay ng Pala)

Sa ganitong paraan, “nag-anak” ng panibagong matulaing linya ang salin.

Restyling

Magkaiba ang natural na ayos ng pangungusap ng Ingles at Filipino, kaya isa ring hamon ang paglapit ng SL tungong TL nang hindi nasasakripisyo ang pagkamatualin sa mga bahagi ng akda. Natatangi ang ayos, ang hagod, ang dulas – ang naturalesa ng bawat wika. Bilang katapatansa mambabasa, sinikap gawing “mas” natural basahin at pakinggan sa TL ang mga bahaging nakalilito kung hindi pag-iingat ang pagsasalin.

SL

Delirious as these worried beasts, his wars
Dance to the tightened carcass of a drum,
While he calls courage still that native dread
Of the white peace contracted by the dead. (A Far Cry...)

TL

Hibang tulad ng nangangambang mga halimaw,
ang kanyang digma ay nagsasayaw
sa saliw ng binatak na sikmura ng tambol,
habang kanyang tinatawag ang katapangang
payapain ang katutubong takot
sa puting kapayapaang hinawa ng kamatayan. (Tagulaylay...)

SL

Across the sand I saw a black man stride...
Across the sand I saw him naked stride; (Jamaican...)

TL

Nakita ko, pagtawid sa pasigan, isang itim na lalaking
lumakdaw...
nakita ko siyang hubad na lumakdaw pagtawid sa pasigan;
(Jamaicano...)

SL

On the Island of Puerto Rico
At the time of the blue-filled siesta
My body at rest, the waves in a frenzy,
And the palms like a hundred mothers,
A little girl gracefully opened
A coconut close to my mouth

And I drank as a daughter,
Her mother's milk, milk of the palmtrees.
And I have drunk no sweeter
With the soul nor with the body. (Drinking)

TL

Sa Isla ng Puerto Rico
habang oras ng bughaw na siesta,
katawan ko'y nagpapahinga, mga alo'y nagwawala,
at parang sanlaksang ina ang mga palmera,
may isang dalagita ang mabining nagbukas
ng buko malapit sa aking bibig
at ininom ko bilang isang anak,
ang kanyang gatas-ina, gatas ng mga palmera.
At wala pa akong naiinom na gano'ng katamis
sa katawan maging sa kaluluwa. (Pag-inom)

Pamamaraang "Saling-Hiram" mula sa Sikolohiyang Pilipino

Sa buong proseso ng pagsasalin, kapag nakakakakita ng matulaing linya o salita ang tagasalin, may pagsisikap na mahuli ang pagkatula ng mga iyon. Kalaunan, nasumpungan ng tagasalin ang pamamaraan sa pagsasalin ng Sikolohiyang Pilipino: ang "Saling-Hiram."

Makikita sa Pe-Pua (1991, p.178-179):

Saling-Hiram o Pagsasalin ng Hiram na Salita-

Ayon kay Enriquez, madalas ay hindi kasiya-siya ang unang salin kaya kailangang maghanap ng ibang salin, lumikha o manghiram muna hangga't wala pang naiisip na katumbas para dito.

Halimbawa:

paghuhugas-isip (mula sa brainwashing at paghuhugas-utak)
pagbabagyo ng isip (mula sa brainstorming at pagbabagyo ng utak)

alon ng utak (brainwaves)

pakikidigmang sikolohikal (psychological warfare)
mekanismong pananggalang (defense mechanism)

Pansinin na tahasang hiniram sa pamamaraang nabanggit ang ideya, saka isinalin (habang wala pang naiisip na panumbas.)

Sa karanasan, itinuring na may-kakanyahan ang mga salita o bahagi ng mga tula na nagtataglay ng pagkatula, kaya nakakapanghinayang kung isasalin ang mga iyon batay sa kanilang konotasyon, na tahasang pagkalag sa talinghaga (e.g., tali ng hiwaga). Pansinin ang halimbawa sa ibaba:

SL

A Far Cry from Africa

TL

Isang Malayong Tagulaylay mula Aprika

Sa Ingles, ang idiyomang “A Far Cry” ay nangangahulugang hindi tugma sa totoong kuwento o hindi totoong kuwento. Sa Filipino, may ganitong konotasyon din ang salitang malayo na nangangahulugan ng hindi lapat o hindi tugma. Halimbawa madalas marinig sa mga musiko ang salitang “malayo” kapag napapakinggang hindi sapul ng kapwa musiko ang sipra sa isang awitin.

SL

The violence of beast on beast is read

As natural law, but upright man

Seeks his divinity by inflicting pain. (A Far Cry)

TL

Ang karahasang hayop-sa-hayop ay binabasa

bilang likas na batas, subalit ang taong matuwid

ay hinahanap ang kanyang pagkabathala sa pananakit.

(Malayong...)

Pansinin ang ambiguous effect ng salitang upright sa bahagi ng tula. Matatandaang itinuturing na mas abante sa pag-iisip ang mga homo sapiens, na may tuwid nang tindig, kumpara sa mga nuno nitong malapit-lapit pa ang kaanyuan sa tsonggo. Kung kaya’t sinaling-hiram ng tagasalin ang ideyang ito bilang “matuwid” na nagtataglay din ng parehong nosyon ng tuwid at “nasa katuwiran” (i.e., “right”).

SL

Forcing a lightless increase in the blinded, big leaves.
(The Dictators)

TL

nag-uudyok ng dagdag-dilim sa nakatabing
na naglalakihang mga dahon. (Ang Mga Diktador)

Ginawa na lamang isang salita ang Salin- hiram sa ideyang
bitbit ng “lightless increase” na para sa tagasalin ay huli pa rin ng salin.

SL

every weatherbeaten carpenter
planting a fistful of nails. (The Meaning...)

TL

bawat karpenterong binugbog-ng-panahon
nagtatanim ng isang kamao ng mga pako. (Ang Kahulugan...)

Piniling panatilihin ang idiomatikong anyo at hulog ng salitang
weatherbeaten tungong “binugbog-ng-panahon” sa halip na kalagin
ang konotasyon nitong “pinatanda” upang manatili pa rin ang kasiningan
ng salita. Samantala, maganda imahen ng “kamao” sa salitang “fistful”
na may progresibong konotasyong lapat sa tema ng tula kaya’t sinaling-
hiram ang “a fistful of nails” na “isang kamao ng mga pako.”

Sa parehong tula, sinaling-hiram rin ang

that even their feet seemed
to leave no sound on the gravel.

bilang

na kahit ang kanilang paa’y hindi
nag-iiwan ng ingay sa batuhan.

dahil sa matulain ang naturang linya at nakapagpapaalala sa
idyomang “pag-iiwan ng anumang bakas.”

Ilan pang konsiderasyon

May ilan pang konsiderasyong isinalang-alang sa pagsasalin sa mga tula. Halimbawa, para sa salitang “piping” (sa *The Dictators*) na isang dekorasyon sa uniporme ng may mataas na katungkulan, inangkat na lang ang orihinal nitong “cordones de oro” sa Espanyol dahil asimilado naman na sa Filipino ang naturang wika. Sa *A Far Cry*, may dalawang uri ng tagak (long at ibises) sa linyang “Threshed out by beaters, the long rushes break/ In a white dust of ibises whose cries/ Have wheeled since civilization’s dawn.” Sinalin ng tagasalin ang long bilang “bakaw” na isang katawagan din sa “tagak” na salin naman nito sa ibises. Ginawa ito upang palutangin ang white colonialism na konotasyon ng naturang linya. Mas puti kasi ang tagak kung kaya’t sapul ang ibises, samantalang kulay batik ng itim at kayumanggi naman ang bakaw. Ang linyang “To savages, expendable as Jews?” ay sinalin bilang “sa mga Hudiyong damuho’t walang kuwenta?” dahil may naratibo na matapos kupkukin noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig sa Kenya ang mga nagbakwit na Hudyo at nakaimpluwesya kalaunan ng mga katutubong Kikuyu na mabinyagan, sa kasagsagan ng Mau-Mau Uprising, nagpasyang “umuwi” ang mga ito sa Jerusalem nang ganoon na lamang.

May ilan ding tahasang hiniram nang hindi binabago ang baybay sa orihinal tulad ng “campesino” (*The Meaning...*) dahil sa cultural identity nito sa Latina Amerika. Hiniram at binaybay sa Filipino ang salitang velvet (Jamaican...) bilang belbeto. Samanatala, ang “orange soda” sa *The Meaning...* ay sinalin ko bilang Royal bilang lapit sa kulturang popular sa atin.

Mga Saysay ng Nalalabing Tagulaylay sa Malayo:
Salin ng mga Piling Tula mula sa Caribbean at Latina Amerika

Derek Walcott
A Far Cry from Africa

A wind is ruffling the tawny pelt
Of Africa. Kikuyu, quick as flies,
Batten upon the bloodstreams of the veldt.
Corpses are scattered through a paradise.
Only the worm, colonel of carrion, cries:
"Waste no compassion on these separate dead!"
Statistics justify and scholars seize
The salients of colonial policy.
What is that to the white child hacked in bed?
To savages, expendable as Jews?

Threshed out by beaters, the long rushes break
In a white dust of ibises whose cries
Have wheeled since civilization's dawn
From the parched river or beast-teeming plain.
The violence of beast on beast is read
As natural law, but upright man
Seeks his divinity by inflicting pain.
Delirious as these worried beasts, his wars
Dance to the tightened carcass of a drum,
While he calls courage still that native dread
Of the white peace contracted by the dead.

Again brutish necessity wipes its hands
Upon the napkin of a dirty cause, again
A waste of our compassion, as with Spain,
The gorilla wrestles with the superman.
I who am poisoned with the blood of both,
Where shall I turn, divided to the vein?
I who have cursed
The drunken officer of British rule, how choose
Between this Africa and the English tongue I love?
Betray them both, or give back what they give?
How can I face such slaughter and be cool?
How can I turn from Africa and live?

Derek Walcott

Isang Malayong Tagulaylay mula Aprika

Hinahawi ng hangin ang kayumangging balahibo
ng Aprika. Ang Kikuyu, singbilis ng mga langaw,
ay mabilis na namahay sa mga ugat ng latian.
Nagkalat ang mga labi sa isang paraiso.
Ang uod lamang, na koronel ng bangkay, ang sumigaw:
“Huwag magsayang ng awa sa magkakahiwalay na mga patay!”
Pinatuyan ng estadistika, pinanghawakan ng mga pantas
Ang mga tanawin ng patakarang kolonyal.
Ano iyon para sa isang puting batang nakahiga sa kama?
O sa mga Hudiyong damuho’t walang kuwenta?

Nang bugawin ng mga bulabog, tarantang pumasok
sa isang puting alabok ng mga tagak
ang bakaw na ang huni ay umiinog na mula pa
sa bukanliwayway ng kabihasnan
mula sa tuyong ilog at ilahas na kapatagan.
Ang karahasang hayop-sa-hayop ay binabasa
bilang likas na batas, subalit ang taong matuwid
ay hinahanap ang kanyang pagkabathala sa pananakit.
Hibang tulad ng nangangambang mga hayop,
ang kanyang digma ay nagsayaw
sa saliw ng binatak na sikmura ng tambol,
habang kanyang tinatawag ang katapangang/
pahupain ang katutubong takot
sa puting kapayapaang hinawa ng kamatayan.

Muli na namang pinunas ng hangal/
na pangangailangan ang kamay nito
sa panyo ng isang maruming layon, isa na namang
pag-aaksaya ng ating awa, tulad ng sa Espanya,
nagpapambuno sa superman ang gorilya.
Ako na nalason ng dugo ng pareho,
nahihirati ang ugat, ay saan papanig?
Ako na isinumpa
ang langong opisyal ng kolonyalismong Britanya,
ay paanong makapipili
sa pagitan nitong Aprika at dilang Ingles na aking iniibig?
Itakwil na lang kaya pareho, o ibalik ang kanilang naibigay?
Paano ko maaatim ang ganoong pamamaslang at maging panatag?
Paano ko magagawang tumalikod sa Aprika at mabuhay?

Anthony McNeill
Residue

I

The wind is crisp and carries
a tang of the sea. The flowers
burn richly against the grass.
The grass itself shines and is precious.

II

Ahead, the sky and the ocean
merge in a stain of blue. On the beach
yesterday, lolloping tourist
were posting umbrellas like crosses.

III

This morning I chose to stay home,
To watch the cats and think of
Columbus. And the grass is precious
merely because it belongs to us.

Anthony McNeill
Nalalabi

I

Sariwa ang hangin at may dalang
Lansa ng dagat. Ang mga bulaklak
ay labis na nagniningning sa tabi ng damuhan.
Ang damuhan mismo ay kumikinang at mahal.

II

Sa unahan, ang kalangitan at karagatan
ay nagsasanib sa isang bughaw na mantso. Sa tabing-dagat
kahapon, ang mga pagala-galang turista
ay nagtutundos ng mga payong na parang krus.

III

Kaninang umaga, pinili kong pumirmi sa tahanan
upang panoorin ang mga pusa at isipin
si Columbus. At mahal ang damuhan
dahil iyon ay atin lamang.

Philip Sherlock
Jamaican Fisherman

Across the sand I saw a black man stride
To fetch his fishing gear and broken things
And silently that splendid body cried
Its proud descent from ancient chiefs and kings,
Across the sand I saw him naked stride;
Sang his black body in the sun's white light
The velvet coolness of dark forests wide
The blackness of the jungle's starless night.
He stood beside the old canoe which lay
Upon the beach; swept up within his arms
The broken nets and careless lounged away
Towards his wretched hut...
Nor knew how fiercely spoke his body then
Of ancient wealth and savage regal men.

Philip Sherlock
Mangingisdang Jamaicano

Nakita ko, pagtawid sa pasigan, isang itim na lalaking lumakdaw
upang kunin ang kanyang gamit pangisda at mga sirang kasangkapan,
at tahimik na sinigaw ng matipuno niyang katawan
makisig nitong mana mula sa sinaunang mga pinuno at mga hari,
nakita ko siyang hubad na lumakdaw pagtawid sa pasigan;
inawit ng itim niyang katawan sa puting liwanag ng araw
ang belbetong lamig ng madidilim na mga kakahuyang pinalawak
ang kaitiman ng walang-bituing gabi ng gubat.
Tumayo siya sa tabi ng lumang lunday na nakahiga
sa dalampasigan; nakakaladkad mula sa kanyang mga braso
ang sirang mga lambat at walang-paking naglakad
pauwi sa sira niyang kubo...
Ni hindi niya nalaman kung gaano katikas nangusap ang kanyang katawan
kanina
tungkol sa sinaunang kayamanan at mababangis na mga maharlika.

Pablo Neruda
The Dictators

And odor stayed on in the canefields:
Carrion, blood, and a nausea
Of harrowing petals.
Between coconut palms lay graves, in their stilled
Strangulation, their festering surfeit of bones.
A finical satrap conversed
With wineglasses, collars, and piping.
In the palace, all flashed like a clockdial.
The gloved laugh redoubled, a moment
Spanning the passageways, meeting
The newly-killed voices and buried blue mouths. Out of sight,
Lament was perpetual, and fell, like the plant and its pollen,
Forcing a lightless increase in the blinded, big leaves.
And bludgeon by bludgeon on the terrible waters,
Scale over scale in the bog,
The snout filled with silence and slime
And vendetta was born.

Pablo Neruda
Ang Mga Diktador

at nanatili ang lansa sa tubuhan:
bangkay, dugo, at pagduduwal
ng mga nanghilakbot na petalya.
sa pagitan ng mga palmera ng niyog
nakalatag ang mga libingan,
sa kanilang pagkakabigti,
ang may naknak nilang mga buto-buto.
nakipag-usap ang mabusising diktador
nang may kalis, kuwelyo, at cordones de oro.
sa palasyo, kumikinang ang lahat na parang relo.
lalong tumaginting ang de-gwantes na halakhak na, isang sandali
sa kahabaan ng mga bulwagan, kinatagpo
ang bagong-kitil na mga tinig
at naglibing sa may-pasang mga bibig. Sa malayo,
umiigting pa ang luksa, at nahuhulog,
na parang halaman at bulo nito;
nag-uudyok ng dagdag-dilim sa nakatabing
na naglalakihang mga dahon.
at sa hambalos at hambalos sa nagngangalit na tubig,
sa sukat at sukat ng lusak,
napuno ang bibig ng katahimikan at putik,
at isinilang ang paghihiganti.

Gabriela Mistral
Drinking

I remember people's gestures,
They were gestures of giving me water.

In the Valley of Rio Blanco
Where the Aconcagua rises,
I went to drink, I leapt to drink
In the whip of a waterfall
That fell in a stiff mane
And broken white and rigid.
I glued my mouth to the foaming
And the blessed water burnt me,
And for three days my mouth was bleeding
From that drink of the Aconcagua.

In the country of Mitla
A day of cicadas, of sun and of walking,
I bent to a pool and an Indian came
To hold me over the water.
And my head, like a fruit
Was between the palms of his hands.
I drank and what I was drinking
Was my face and his face together
And in a flash I knew
That my race was the flesh of Mitla.

On the Island of Puerto Rico
At the time of the blue-filled siesta
My body at rest, the waves in a frenzy,
And the palms like a hundred mothers,
A little girl gracefully opened
A coconut close to my mouth
And I drank as a daughter,
Her mother's milk, milk of the palmtrees.
And I have drunk no sweeter
With the soul nor with the body.

In the house of my childhood,
My mother brought me water.
Between one drink and another,
I looked at her over the jar.
My head I raised higher and higher
The jar sank lower and lower and lower.
And still I keep the valley

I keep my thirst and her look,
This shall be eternity
For we still as we were.

I remember people's gestures,
They were gestures of giving me water.

(Translated by H. R. Hays)

Gabriela Mistral

Pag-inom

natatandaan ko ang mga gestura ng mga bayan
mga gestura iyong binibigyan ako ng tubig.

Sa Lambak Rio Blanco
kung saan nakatindig ang Aconcagua,
nagtungo ako para uminom,
dumulog ako para maki-inom
sa latigo ng isang talon
na bumubuhos na isang tuwid na kiling
basag-basag, matigas, at puti.
Idinikit ko sa bula ang aking bibig
at pinaso ako ng sagradong tubig,
at nagdurugo sa loob ng tatlong araw ang aking labi
sa inuming iyon ng Aconcagua.

Sa bayan ng Mitla
sa araw ng mga kuliglig, ng araw, at ng paglalakad,
yumukod ako sa isang batis/
at may dumulog na isang katutubo
upang salukan ako ng tubig.
At ang ulo ko, gaya sa isang prutas,
ay nasa pagitan ng kanyang mga palad.
Uminom ako at ang iniinom ko
ay mukha naming dalawa
at sa isang iglap aking napagtanto
ang lipi ko'y ang laman ng Mitla.

Sa Isla ng Puerto Rico
habang oras ng bughaw na siesta,
katawan ko'y nagpapahinga, mga alo'y nagwawala,
at parang sanlaksang mga ina ang mga palmera,
may isang dalagita ang mabining nagbukas

ng buko malapit sa aking bibig
at ininom ko bilang isang anak,
ang kanyang gatas-ina, gatas ng mga palmera.
At wala pa akong naiinom na gano'ng katamis
sa katawan maging sa kaluluwa.

Sa tahanan ng aking pagkabata
dinalhan ako ni ina ng tubig.
Sa pagitan ng bawat pag-inom at pag-inom,
minamasdan ko siya banda roon sa tapayan.
At itinangala ko ang aking ulo
pataas nang pataas,
at lumubog ang tapayan pababa
nang pababa nang pababa.
At gayunman ay pinanatili ko ang lambak.
pinanatili ko ang aking uhaw at kanyang larawan,
Ang ganito'y magpapasawalang-hanggan
dahil mananatili kami sa kung ano kami noon pa man.

natatandaan ko ang mga gestura ng mga bayan
mga gestura iyong binibigyan ako ng tubig.

Martín Espada
The Meaning of the Shovel
—Barrio René Cisneros
Managua, Nicaragua, June-July 1982

This was the dictator's land
before the revolution.
Now the dictator is exiled to necropolis,
his army brooding in camps on the border,
and the congregation of the landless
stipples the earth with a thousand shacks,
every weatherbeaten carpenter
planting a fistful of nails.

Here I dig latrines. I dig because last week
I saw a funeral in the streets of Managua,
the coffin swaddled in a red and black flag,
hoisted by a procession so silent
that even their feet seemed
to leave no sound on the gravel.
He was eighteen, with the border patrol,
when a sharpshooter from the dictator's army
took aim at the back of his head.

I dig because yesterday
I saw four walls of photographs:
the faces of volunteers
in high school uniforms
who taught campesinos to read,
bringing an alphabet
sandwiched in notebooks
to places where the mist never rises
from the trees. All dead,
by malaria or the greedy river
or the dictator's army
swarming the illiterate villages
like a sky full of corn-plundering birds.

I dig because today, in this barrio
without plumbing, I saw a woman
wearing a yellow dress
climb into a barrel of water
to wash herself and the dress
at the same time,
her cupped hands spilling.

I dig because today I stopped digging
to drink an orange soda. In a country
with no glass, the boy kept the treasured bottle
and poured the liquid into a plastic bag
full of ice, then poked a hole with a straw.

I dig because today my shovel
struck a clay bowl centuries old,
the art of ancient fingers
moist with this same earth,
perfect but for one crack in the lip.

I dig because I have hauled garbage
and pumped gas and cut paper
and sold encyclopedias door to door.
I dig, digging until the passport
in my back pocket saturates with dirt,
because here I work for nothing
and for everything.

Martin Espada
Ang Saysay ng Pala
--Barrio Rene Cisneros
Managua, Nicaragua, Hulyo-Hunyo 1982

Lupain ito ng diktador noon
bago ang rebolusyon.
Ngayon, ang diktador ay ipinatapon sa sementeryo,
nagliliilim ang kanyang hukbong sa mga kampo sa may hangganan,
at ang kongregasyon ng mga walang-lupa
pinekasan ang lupa ng sanlibong mga barong-barong,
bawat karpenterong binugbog-ng-panahon
nagtatanim ng isang kamao ng mga pako.

Dito'y naghuhukay ako ng kasilyas.
Naghuhukay ako dahil noong nakaraang linggo
nakakita ako ng paglalamay sa mga kalsada ng Managua,
ang kabaong na kinumutan ng isang pula at itim na bandila,
buhat-buhat ng isang prusisyong kay taimtim
na kahit ang paa nila'y hindi
nag-iiwan ng ingay sa batuhan.
Siya'y labinwalong taon, kabilang ang patrol,
nang may isang asintado mula sa hukbo ng diktador
ang nag-asinta sa likod ng kanyang ulo.

Naghukay ako kahapon
nakita ko ang apat na pader ng mga retrato:
mga mukha ng mga boluntaryo
sa kanilang unipormeng panghayskul
na nagtutrong magbasa sa mga campesino,
na nagdala sa alpabetong
nakaipit sa kuwaderno
tungo sa mga lunan kung saan
hindi pumapailanlang ang hamog
mula sa mga puno. Patay lahat,
gawa ba ng malaria o ng ganid ba na ilog,
o ng hukbo ng diktador
na pinuputakti ang di-nakakabasang mga baryo
tulad ng kalangitang hitik
sa mga ibong magnanakaw-ng-mais.

Naghukay ako dahil ngayong araw, sa baryong itong
walang gripo, nakakita ako ng isang babaeng
nakadilaw na bestida
umakyat sa isang tangke ng tubig
upang linisin ang sarili, pati suot niyang damit
habang,
may umaapaw sa nakasalok niyang kamay.

Naghukay ako ngayong araw dahil tinigilan ko nang maghukay
para makainom ng isang Royal. Sa isang bayang
walang baso, itinatabi ng bata ang pinakaiingatang bote
at binubuhos ang likido sa isang plastic bag
na puno ng yelo, saka pinapasakan ng istro.

Naghukay ako dahil ngayong araw ang aking pala
ay may tinamaang sandaang taon nang luwad na mangkok,
ang sining ng sinaunang mga daliri,
na mamasa-masa sa parehong lupa,
kay ganda kung di lang sa isang bitak sa labi.

Naghukay ako dahil nakapaghakot na ako ng basura
at nakapagkarga ng gasolina at nakapagputol ng papel
at bahay-bahay na nakapagbenta ng ensayklopedya.
Naghukay ako, naghukay hanggang ang pasaporte
sa likurang bulsa'y mapuno ng dumi,
dahil dito, kumikilos ako para sa wala
at para sa lahat.

KONKLUSYON

Bilang likhang may sariling unibersong lagpas sa
lingguwistikong rasyunalidad at transendental pagpapahayag na
nagsisilbing lunan ng mga karanasang pantao mula man sa iba't ibang
dako ng daigdig, ang pagsasalin ng tula ay maituturing halos na im/
posibleng gawain. May nalalabi sa mga isinasalin ano mang pagsisikap
at pamamaraan ng tagasalin. Gayunman, bukod sa layuning iskolarsyip
o akademikong pagpupunyagi ng gawain, ang pagsasalin ay nagsisilibi
ring tulay ng mga may saysay na tagulaylay mula sa malalayong dako
na marapat nating tunghayan. At kung ang tula ay karagatan, ang
pagsasalin nito, ay paglalayag—isang maalong paglalayag—patungo
sa mga pantalang pangkamalayan ng mga bayan.

SANGGUNIAN

- Attwater, Juliet. "Perhappiness: The art of compromise in translating poetry or: Steering Betwixt Two Extremes" *Cadernos de traducao* 1 (15), 121-143, Enero 2005.
- Batnag, Aurora., (2014) Tungkulin ng tagasalin. Na-access sa <https://www.facebook.com/notes/aurora-e-batnag/ang-tungkulin-ng-tagasalin/648247008573645/>
- Baquiran Jr., Romulo P. (2010). "Pagsasaling Neruda: Pagsipat sa Historya ng Pagsasa-Filipino ng Tula Bunsod ng Simulaing Pambansa Demokratiko (1971-2004)" *Kahingian sa Panitikan ng Pilipinas* 329 (Panitikan at Kasaysayan). Unibersidad ng Pilipinas-Diliman. Lungsod Quezon. Hindi nailathala.
- Burnett, Paula. (Ed.) "The Penguin Book of Caribbean Verse in English." Penguin Books Ltd, London. 1986.
- Dalton, Roque. "Like You" salin ni Jack Hirschman. *Poetry Like Bread: Poets of the Political Imagination* (Curbstone Press, 2000), Martín Espada. ed. Na-access sa <https://poets.org/poem/you-1>
- Dastjendi, Hossein, Hakimshofaai, Haadi, at Jannesaari, Zahra. "Translation of Poetry: Towards a Practical Model for Translation Analysis and Assessment of Poetic Discourse." *Journal of Language & Translation* 9-1. March 2008, 7-40
- Espada, Martin. "The Meaning of the Shovel" from *Imagine the Angels of Bread*. W.W. Norton and Company Inc., 1996. Na-access sa <https://www.poetryfoundation.org/poems/47873/the-meaning-of-the-shovel>
- Fernanda Steele (1984) Anthony McNeill on "Credences at the Altar of Cloud"—An Interview, *Caribbean Quarterly*, 30:1, 51-59, DOI: 10.1080/00086495.1984.11672042
- Forche, Carolyn. "Introduction to Claribel Alegria." *Birmingham Poetry Review* No. 44. 2017. Na-access sa <https://www.uab.edu/cas/englishpublications/bpr/archive/bpr-44-2017/introduction-to-claribel-alegria>

- Gimenez-Maceda. 2017. "Protest Songs." Sa Cultural Center of the Philippines Encyclopedia of Philippine Art. (7-Music). Nicanor G. Tiongson (punong editor). Manila: Cultural Center of the Philippines
- Lumbera, Bienvenido "Florante at Laura: The Formalization of Tradition." Tagalog Poetry 1570-1898: Tradition and Influences in its Development. Lungsod ng Quezon. Palimbagan ng Pamantasan ng Ateneo de Manila, 2001, 112-137.
- Mistral, Gabriela "Drinking." Poetry Magazine. Vol. 57. No. 2. May 1943. Na-access sa <https://www.poetryfoundation.org/poetrymagazine/browse?contentId=23542>
- Neruda, Pablo "The Dictators." Poetry Magazine. Vol. 79. No. 4. January 1952. Na-access sa <https://www.poetryfoundation.org/poetrymagazine/browse?contentId=25874>
- Ordonez, Rogelio. "Saan Papunta ang mga Putok?" University of the Philippines Press. Lungsod ng Quezon. 1998.
- _____. Panimulang Salita. (i-vi) SAGUPA: Antolohiya ng mga Tula ng mga Makatang Guro ng Kagawaran ng Filipinolohiya, PUP. PUP Press. Sta. Mesa, Maynila. 2016
- Pe-pua, Rogelia. (1991). "Intelektuwalisasyon at Istandardisasyon ng Wikang Filipino sa Sikolohiya." (p.171-187). Gawad Surian sa Sanaysay-Gantimpalang Collantes 1989-1991.
- Linangan ng mga Wika sa Pilipinas. Pasig, Metro Manila. 1991.
- Randall, Dudley. (Ed.) "The Black Poets." Bantam Books. United States and Canada. 1986.
- Torres, Maria Luisa F. "The Philippine-Cuban Lieterary Relations." Kultura: A Quarterly Forum for Artist, Critic and Audience. Manila: Cultural Center of the Philippines. Vol. 2. No. 3. 24-27. 1989

Venuti, Lawrence (2011) Introduction, *Translation Studies*, 4:2, 127-132,
DOI:10.1080/14781700.2011.560014

Weissbort, Daniel. "Translating Poetry: The Double Labyrinth." (1989).
The Macmillan Press LTD. Houndsmill, Basingstoke, Hampshire,
at London

HINGGIL SA MAY AKDA

Si MARVIN M. LOBOS ay nagtuturo ng Wika, Pagsasalin,
Intelektuwalisasyon ng Wika, Panitikan at Malikhaing Pagsulat
sa Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas. Kasalukuyan siyang
kumukuha ng PhD Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng
Pilipinas-Diliman.